

PROLOGUE

Ilang beses pang sinipat ni Jennica ang repleksyon niya sa salamin upang kumbinsihing maayos ang kanyang gayak nang gabing iyon. Makikipagkita kasi siya sa textmate niya. Nakasuot siya ng red dress na ipinilit sa kanyang ipasuot ng bruhanng kaibigan na si Anya. V-neck iyon kaya panay ang hatak niya paitaas para hindi masilip ang kanyang hinaharap. Aaminin niyang hindi talaga siya komportable sa suot dahil bukod sa maiksi iyon ay hindi na siya makahinga dahil sa sobrang sikip. Matapos ang makailang suri sa suot ay sa ayos ng kanyang mukha siya tumuon. Maayos naman ang kanyang makeup. Medyo malayo siya sa kanyang araw-araw na get-up na walang lipstick at ni hindi man lang nagpopolbo. Kaya okay na rin ang hitsura ni Jennica sa tingin niya.

Lumabas na siya ng comfort room at kinakabahang nagpalinga-linga sa loob ng restaurant kung saan sila magkikita ng kanyang textmate. Ayon dito ay nakasuot daw ito ng blue polo at naka-black pants, pero wala siyang makitang nakasuot ng ganoon. Napangalumbaba siya at nang makaupo ay tahimik na umusal ng dalangin na sana ay dumating na ito. Nag-order na siya nang may lumapit na waiter kahit wala pa ang katagpo niya.

Mayamaya ay nagulat siya nang may umupo sa harap niya. Umayos siya ng upo at ngumiti sa kararating lang na binata. Alam niyang ito ang kanyang ka-text dahil nakasuot ito ng outfit na

sinabi nito. Hindi niya inaasahang gwapo ito at saktong-sakto ang salitang “modelo” sa mukha at pangangatawan, ngunit ang ngiting inihanda niya para dito ay napawi nang magsalita ito.

“Miss, baka nagkakamali ka ng inupuan. May ka-date kasi ako ngayon at itong mesang ito ang ipina-reserve ko para sa amin,” anito.

“Ah, eh, Jason... a-ako ’y-yung ka-date mo,” nahihiyang sabi niya.

Natawa ito. Napakunot-noo siya. May nakakatawa ba sa sinabi niya?

“You mean, ikaw si Jennica?” Mukhang di ito makapaniwala at sinuri pa siya ng tingin.

Mahinhin siyang tumango na agad na ikinaseryoso nito.

“Is this a joke?” anito sa galit na tono.

Napahigpit ang kapit ni Jennica sa inuupuan. Napatingin siya sa paligid. Nakaagaw na sila ng atensyon sa mataas na tono at malakas na boses ng lalaki.

“Kumalma ka naman o,” pakiusap niya.

“Kumalma? All this time akala ko chicks ka! ’Yun pala—” Disgusted ang hitsura at tono nito. “At paano ako kakalma ganitong malalaman kong ang ka-date ko pala ay isang tulad mong baboy!”

No Ordinary Love - Rosemarie Santillan

Awtomatikong napatayo siya at pinadapo ang kanyang kanang palad sa pisngi nito. Nagpanting ang kanyang tainga. “Akala ko hindi ka tulad ng iba pero nagkamali ako! Mas masahol ka pa! Kung ano’ng iginuwapo mo ’yun naman ang ipinangit ng ugali mo! Hindi kasalanan ang maging mataba, kaya matuto kang rumespeto!” sigaw niya rito.

Tila nagulat ito sa inakto niya o mas tamang sabihing natakot ito sa laki ng mga braso niya. Napaismid siya pagkatapos ay luminga sa mga taong nanonood na pala sa kanila. Dagli niyang inilapag ang bayad sa mesa para sa mga na-order niya para sa kanilang dalawa sana at saka pinandilatan ang lalaki.

“Tabi!” sigaw niya rito at mabilis siyang umalis palabas sa lugar na iyon.

Nang makarating sa kanilang bahay at makaakyat sa kanyang kwarto ay doon na pinakawalan ni Jennica ang kanina pa pinipigil na iyak. Hindi na talaga niya susubukan pang makipag-textmate o blind date o kung ano pang mga paraan para lang makahanap ng love life! Tama na ang tatlong beses na pagpapahiya sa kanya. Ngayon niya nasisigurong hindi para sa mga katulad niya ang masayang love life!